2.3 ANG DIYOS AY NARARAPAT SAMBAHIN AT PAGLINGKURAN

Ang pagsamba ay ang pagsambit ng ating pagmamahal sa Diyos at pagbibigay puri sa Kanya at sa mga kamangha-mangha Niyang ginawa.

Ang inilalarawan ng salitang ginamit sa pagbebendisyon ng Panginoon sa tao ay ang pagluhod. Kapag tayo ay nakaluhod sa harapan ng Diyos, dalawang bagay ang ating pinahihiwatig: pagsamba at pagpapasakop. Samakatuwid ang pagpapala ng tao ay nasasa pagsamba at paglilingkod sa kanyang Maylikha. Ang kanyang kaligayahan ay kalakip ng dalawang bagay na ito.

Ang paglilingkod sa Diyos ay ang pagpapatupad ng Kanyang layunin para sa tao, ang original mandate na ibinigay kina Adam at Eve sa Garden of Eden before the fall: Ang maging mabunga at magparami ng bilang; ang pagpupuno ng mundo at pagsupil sa lupa; at ang pamamahala ng mga isda sa karagatan, mga ibon sa kalawakan, at lahat nang gumagalaw sa balat ng lupa.

Time Out

- Paano sumamba sa Diyos?

  _____

- Paano maglingkod sa Diyos?

  _____

PAG-ISIPAN:

Ang aking alam	Sumasamba ako sa Diyos sa tuwing:
	Nakakapaglingkod ako sa Diyos sa tuwing:

PAG-ARALAN:

Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.

1. Juan 4:23 & 24
   "Subalit dumarating na ang panahon at ngayon na nga, na ang mga tunay na sumasamba sa Ama ay sasamba sa Kanya sa espiritu at sa katotohanan. Sapagkat ganyan ang uri ng pagsambang ninanais ng Ama. Ang Diyos ay Espiritu at ang mga sumasamba sa Kanya ay dapat Siyang sambahin sa espiritu at sa katotohanan."
2. Matteo 4:10
   Kaya't sumagot si Jesus, "Lumayas ka Satanas! Sapagkat nasusulat, 'Ang Panginoon mong Diyos ang dapat mong sambahin. At Siya lamang ang dapat mong paglingkuran.'"
3. Isaias 29:13
   Sasabihin naman ni Yahweh, "Sa salita lamang malapit sa Akin ang mga taong ito, at sa bibig lamang nila Ako iginagalang, subalit inilayo nila sa Akin ang kanilang puso, at ayon lamang sa utos ng tao ang kanilang paglilingkod.
4. Mga Hebreo 12:28
   Kaya magpasalamat tayo sa Diyos sapagkat tumanggap tayo ng isang kahariang hindi nayayanig. Sambahin natin ang Diyos sa paraang kalugud-lugod sa Kanya, may paggalang at pagkatakot.
5. Matteo 6:24
   "Walang aliping makakapaglingkod sa dalawang panginoon, sapagkat kapopootan niya ang isa at iibigin ang ikalawa, paglilingkuran nang tapat ang isa at hahamakin ang ikalawa. Hindi ninyo maaaring paglingkuran nang pareho ang Diyos at ang kayamanan.
6. Colosas 3:17
   At anuman ang inyong gagawin o sasabihin, gawin ninyong lahat sa pangalan ng Panginoong Jesus at sa pamamagitan Niya'y magpasalamat kayo sa Diyos Ama.

- Ayon sa una at ikaapat na talata, paano ang tamang paraan ng pagsamba sa Diyos?

  _____

  _____

- Base sa ikalawa at ikalimang talata, sino lamang ang dapat sambahin at paglingkuran? _____
- Ano ang dapat nating bantayan sa tuwing nagpupuri at naglilingkod tayo sa Diyos ayon sa ikatlong talata? _____
- Maaari ba nating sambahin at paglingkuran ang Diyos sa lahat ng pagkakataon ayon sa ikaanim na talata? _____

PAG-USAPAN:

Ang pagsamba ay ang pagbibigkas ng mga dakilang katangian ng Diyos katulad ng ating mga nabanggit kanina na Kanyang mga transcendent at immanent attributes. Ito ay ang pagbibigkas din ng karapatan ng Diyos na tumanggap ng lahat ng kaluwalhatian, karangalan at pasasalamat. Ayon kay Cristo sa John 4:24, ang tamang paraan ng pagsamba sa Diyos ay pagsamba sa espiritu at katotohanan.

Patungkol sa paglilingkod sa Diyos, ang tamang paraan ay ang paglilingkod lamang sa Kanya, at sa walang iba pa ayon sa Matthew 4:10. Sinabi pa ni Cristo sa Matthew 6:24 na, Walang makapaglilingkod sa dalawang panginoon. Isa dito ay kanyang mamahalin at isa ang kanyang kamumuhian. Hindi mo magagawang maglingkod sa Diyos at sa salapi.

Ang mga Pilipino ay palasimba. Kaya naman kapag araw ng Linggo, punung-puno ang mga simbahan sa buong bansa. Subalit dapat nating siyasatin ang ating mga puso kung ang ginagawa nating pagsisimba ay nagiging ritual lamang at obligasyon. At ang ating mga dasal ay galing lamang sa bibig at hindi sa puso't kaluluwa.

Ang isa pang dapat nating siyasatin ay ang paraan ng ating paglilingkod. Ang ating pagsamba ay dapat na nagbubunga ng paglilingkod. Ito ang madalas na hindi makita sa karamihan ng mga palasimbang Pilipino. Tayo ay nagsisimba ngunit hindi nagmamahalan. Tayo ay nagdarasal ngunit siraan ng siraan. Tayo ay madalas na umaawit ng mga kantang papuri sa Diyos ngunit gamit ng gamit ng Kanyang pangalan bilang form of expression o kaya ay murahan ng murahan. Ang environment at iba pang nilikha ng Diyos na dapat na ating pinapangalagaan ay ating pinapabayaan o kaya'y inaabuso. Ito ay nagpapatunay na hindi natin nauunawaan ang layunin ng Diyos sa tao na pagsamba at paglilingkod.

Ang pagsamba at paglilingkod ay hindi mapaghihiwalay sa ating pamumuhay. Hindi maaaring sabihin ng isang tao na siya ay sumasamba sa Diyos kung hindi naman siya

naglilingkod. At hindi rin masasabing siya ay naglilingkod sa Diyos kung ang kanyang ginagawa ay hindi bunga ng kanyang pagsamba at pagmamahal sa Panginoon.



Unti-unting lumago ang alam ni Kim tungkol sa Diyos dahil sa pagsama niya kay Margarette sa kanilang local church. Bunga nito ay lalo niyang minahal ang Diyos. Minsan nagtanong siya kay Pastor Paul kung paano niya maipapakita ang pag-ibig niya sa Diyos. Sinabi ni Pastor Paul na maaari niyang gawin ito sa pamamagitan ng kanyang pagsamba at paglilingkod sa Diyos. Matapos marinig ito, nag-isip ng taimtim si Kim kung paano niya ito gagawin.

Turuan mo si Kim ng tamang paraan ng pagsamba at paglilingkod sa Diyos. Magbigay ng secific na halimbawa upang maunawaan niya. Isulat ang iyong sagot sa ilalim.

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

_____

Ang pagsamba ay ang pagbibigkas ng mga dakilang katangian ng Diyos. Sambitin ang mga communicable at non-communicable attributes Niya. Ang paglilingkod sa Diyos ay ang paglilingkod lamang sa Kanya. Paglingkuran Siya sa pamamagitan ng pagsasakatuparan ng Kanyang mandato sa tao at sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng kalooban Niya sa iyong buhay.

PAG-BULAYBULAYAN:

1. Bakit pinapaalala ng Salita ng Diyos na siyasatin natin ang ating puso sa tuwing tayo ay sumasamba at naglilingkod sa Kanya?

   _____

   _____

   _____

Natutuhan ko na	Sumasaba ako sa Diyos sa tuwing:
	Nakakapaglingkod ako sa Diyos sa tuwing:

Verse of the Day:

Sumagot si Jesus, “Nasusulat,‘Ang Panginoon mong Diyos ang dapat mong sambahin, at Siya lamang ang dapat mong paglingkuran.’” ***Lucas 4:8***